

Pagpapatuloy ng Homework

Gaano katagal inaabot ang paggawa ng mga takdang-aralin?

Kung ang isang mag-aaral na nag-aaral ng Ingles ay binigyan ng ½ oras na takdang-aralin, kadalasan ay aabutin siya ng 1-2 oras upang tapusin ito.

Sino ang dapat gumawa ng takdang-aralin?

Ang mag-aaral ang dapat gumawa ng homework.

Inaakala ng ilang mga magulang na ang tulong mula sa isang nakatatandang kapatid o tutor ay nagbubunga ng mas mahusay na grado para sa mag-aaral. Ang pagtulong ay para lamang mapadali ang pag-unawa ng mga dapat gawin.

Ang mga guro ay nagbibigay ng mga takdang-aralin na ginagawa sa klase mismo at sa bahay. Pareho silang binibigyan ng marka. Kung ang mga mag-aaral ay kulang ng praktis sa paggawa ng trabaho na mag-isa, maaaring mahihirapan sila sa kabuuan.



Ang Paggamit ng Computer

Maaring kinakailangang gumamit ng computer ang mga mag-aaral sa mababang paaralan upang mag-research o gumawa ng isang proyekto ng grupo. Kung wala kayong computer sa bahay, maaring gamitin ng inyong mga anak ang mga computer sa pangpublikong library o sa library ng eskwelahan.



VSB

“Homework in BC Elementary Schools”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Unawain ang takdang-aralin sa mga mababang paaralan ng BC



Kindergarten hanggang Grade 7



Ano ang mga patakaran ng BC Ministry of Education pagdating sa takdang-aralin?

Ang Ministry of Education ang nagtatakdâ ng mga patakaran tungkol sa dami ng takdang-aralin na ibinibigay sa mga mag-aaral sa B.C. Ang mga patakarang ito ay :

**Gr. K hanggang 3 ►
Walang takdang-aralin**

**Gr. 4 hanggang 7 ►
½ oras bawat gabi**

Mga Halimbawa ng Homework

- Tapusin ang trabahong ibinigay sa klase.
- Magbasa ng isang libro sa Ingles o sa sariling wika para sa isang tiyak na oras.
- Manood ng isang ispesipikong programa sa TV sa Ingles.
- Kumuha ng impormasyon mula sa iba't-ibang "sources".
- Makipagtulungan sa mga kaklase sa isang proyektong pang-grupo.
- Magsulat ng isang "journal entry".
- Magbasa o basahin muli ang mga kabanata sa isang teksto o nobela.

Sa BC, mas malaki ang halaga na ibinibigay ng mga guro sa kalidad ng trabaho kaysa sa dami.



Mga Layunin ng takdang-aralin

Maraming dahilan para magbigay ng homework. Nais ng guro na ang mag-aaral ay:

- maghanda para sa magka-iba at bagong trabaho para sa susunod na araw.
- maging mas mahusay sa pagbabasa.
- dagdagan ang kanilang bokabularyo.
- Maikuwento sa iba ang isang kasaysayan - nang pasalita o nang nakasulat.
- matuto at magpraktis ng galing sa wika.
- pahusayin ang kakayahang sundan ang paglalahad ng isang kwento.
- matuto o magpraktis na magtrabaho nang may kasama bilang pares o grupo.
- pahusayin ang kakayahang mahulaan kung ano ang susunod na maaaring mangyari sa isang kwento.
- bumuti sa pagsusulat